PAUNAWA TUNGKOL SA PANAHON PARA SA PAGPUNA NG PUBLIKO

DRAFT NG REMOVAL ACTION WORKPLAN (RAW)
LONG BEACH MEMORIAL MEDICAL CENTER,
MILLER CHILDREN'S HOSPITAL
LONG BEACH, CALIFORNIA

30-ARAW NA PANAHON PARA SA PAGPUNA NG PUBLIKO: IKA-12 NG HULYO HANGGANG IKA-12 NG AGOSTO 2005
OPEN HOUSE/PAMPUBLIKONG PULONG: IKA-26 NG HULYO 2005

ANO ANG IMINUMUNGKAHI?

Inaanyayahan ng Department of Toxic Substances Control (Kagawarang Namamahala sa mga Bagay na May-lason) ng California (DTSC) ang pagpuna ng publiko tungkol sa Draft ng Removal Action Workplan (RAW) para sa Phase 1 Expansion ng Miller's Children Hospital sa Long Beach Memorial Medical Center (LBMMC). Ang RAW na ito ay para sa pag-alis at off-site (sa labas ng lugar na pinaggaganapan) na pagtapon ng humigit-kumulang sa 28,500 cubic yards (35,600 tonelada) na lupa na may kontaminasyon. Ang lugar ay nasa kanto ng Columbia Street at Atlantic Avenue sa Lunsod ng Long Beach. Nang inimbestiga ang kapaligiran ng lugar, may nahanap na mga lupang may kontaminasyon, methane gas, at mga solidong basura sa subsurface soil (ilalim ng pang-ibabaw na lupa) ng lugar kung saan iminumungkahing magtayô ng gusali. Samakatwid ay iminumungkahi ng LBMMC ang pag-alis ng siniksik na lupa at basura at ang pagpadala nito sa pinahintulutang off-site na mga pasilidad ng treatment/pagtatapon. Ang LBMMC at ang DTSC ay pumasok sa Voluntary Clean-up Agreement (Kasunduan ng Kusang-loob na Paglilinis), na magrerebyu at mamamahala ng mga iminumungkahing aksiyon ng pag-aalis.

PAANO AKO LALAHOK?

Mayroon kayong pagkakataong makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa proyektong ito at magbigay ng mga puna sa DTSC tungkol sa iminumungkahing pag-alis ng lupa sa tatlumpung (30) araw na panahon para sa pagpuna ng publiko, na magsisimula sa ika-12 ng Hulyo 2005 at magtatapos sa ika-12 ng Agosto 2005. Maaari rin ninyong bisitahin ang mga teknikal na kinatawan ng DTSC sa isang Open House/Pampublikong Pulong na gaganapin sa ika-26 ng Hulyo 2005, sa Houssels Forum sa kampus ng ospital, sa pagitan ng mga oras ng 6:00 p.m. at 8:00 p.m. Noong una, iniskedyul ang pulong sa ika-7 ng Hulyo 2005, ngunit inilipat ito sa ika-26 ng Hulyo 2005 upang bigyan ang publiko ng isa pang linggo upang rebyuhin ang RAW bago ng open house. Ang inyong paglahok ay ipinapayo. Ang mga puna tungkol sa Draft ng RAW ay maaaring ibigay nang nakasulat kay Ms. Maryam Tasnif-Abbasi, Project Manager, DTSC, 5796 Corporate Avenue, Cypress, CA 90630, o sa pamamagitan ng e-mail sa mtasnif@dtsc.ca.gov. Ang lahat ng mga puna ay dapat may tatak ng koreo nang hindi lalampas sa **ika-12 ng Agosto 2005**. Maaari rin ninyong sabihin at/o isulat ang mga puna sa Open House.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Ang mga kopya ng Draft ng RAW at iba pang mga dokumento ng proyekto ay makukuha sa mga sumusunod na lugar:

- Lunsod ng Long Beach, 333 West Ocean Boulevard, Long Beach, CA 90802. Ang matatawagan: Anita Garcia para sa isang appointment sa (562) 570-6193.
- Sapphos Environmental, Inc., 133 Martin Alley, Pasadena, CA 91105. Ang matatawagan: André Anderson para sa isang appointment sa (626) 683-3547.
- Long Beach Main Public Library, 101 Pacific Avenue, Long Beach, CA 90822. Ang matatawagan: Library Desk sa (562) 570-7500.
- Burnett Public Library, 560 East Hill Street, Long Beach, CA 90806. Ang matatawagan: Library Desk sa (562) 570-1041.
- Dana Public Library, 3680 Atlantic Avenue, Long Beach, CA 90807. Ang matatawagan: Library Desk sa (562) 570-6193.
- DTSC Regional Records Office, 5796 Corporate Avenue, Cypress, CA 90630. Ang matatawagan: Julie Johnson para sa isang appointment sa (714) 483-5337.

SINO ANG TATAWAGAN:

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan o kung nais ninyong talakayin ang proyekto, mangyaring tawagan si Ms. Tasnif-Abbasi, Project Manager (Tagapamahala ng Proyekto) ng DTSC, sa (714) 484-5489, e-mail: mtasnif@dtsc.ca.gov, o si Mr. Tim Chauvel, Public Participation Specialist (Espesyalista sa Pambulikong Pakikilahok) ng DTSC, sa (714) 484-5487, e-mail: tchauvel@dtsc.ca.gov